

# GABAY UKOL SA PAGHAHANDA SA KAPAHAMAKAN

para sa mga dayuhang residente

Pagsasalin sa wikang Tagalog



# GABAY UKOL SA PAGHAHANDA SA KAPAHAMAKAN

para sa mga dayuhang residente

Pagsasalin sa wikang Tagalog

<b>1</b>	<b>Panimula</b> .....	03
<b>2</b>	<b>Lindol</b>	
	Tungkol sa Lindol .....	04
	Pagtugon sa lindol .....	05
	Earthquake Early Warning Alert .....	06
	Pagiging handa sa araw-araw .....	07
<b>3</b>	<b>Malakas na ulan, pagbaha at pagguho ng lupa</b>	
	Heavy rainfall and flooding .....	08
	Pagguho ng lupa .....	09
	Pagtugon sa malakas na ulan, pagbaha at pagguho ng lupa ...	09
<b>4</b>	<b>Bagyo, pagtaas ng tubig (storm surge) sanhi ng bagyo</b>	
	Bagyo .....	10
	Pagtaas ng tubig sanhi ng bagyo .....	10
	Pagtugon sa bagyo, pagtaas ng tubig sanhi ng bagyo ...	11
<b>5</b>	<b>Mga dapat gawin sa paglisan at pagiging handa sa araw-araw</b>	
	Tungkol sa paglisan .....	12
	Tungkol sa evacuation site .....	13
	Pagiging handa sa araw-araw .....	14
<b>6</b>	<b>Mga salitang ginagamit sa disaster prevention / kalamidad</b> ...	16
<b>7</b>	<b>Impormasyon ukol sa disaster prevention</b> .....	18
<b>8</b>	<b>Disaster Prevention Memo</b> ...	22



# Panimula

Ang bansang Hapon ay isang bansang madalas daanan ng kalamidad. Kahit sa Yamaguchi Prefecture ay may kalapit na mga rehiyon na nakaranas ng pinsala mula sa pagguho ng lupa at pagbaha dala ng malakas na ulan.

Dahil dito, mahalaga na laging isipin na “Dapat protektahan ng bawat isa ang sariling buhay (pagprotekta sa sarili)” at “Dapat protektahan ng lahat ang sariling komunidad (pakikipagtulungan sa pagprotekta)”.


Kaya kailangang basahing mabuti ang mga nilalaman ng “Gabay ukol sa paghahanda sa kapahamakan” at ihanda ang sarili sa anumang bagay na maaaring mangyari.

Mahalagang makipagtulungan sa kapwa sa pagkilos sa loob ng sariling komunidad sa oras na magkaroon ng kapahamakan.

Ugaliing makibahagi sa mga gawain sa loob ng komunidad upang bigyan-daan ang maayos na pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga residente.



## Mga pinsalang natamo ng Yamaguchi Prefecture hanggang ngayon



# 2

## Lindol (地震: Jishin)

### Tungkol sa Lindol

Ito ang pag-uga ng lupa na sumasakop sa malawak na pook, kung saan may pinsalang dulot sa mga tao at gusaling nasa apektadong lugar. Hindi maaaring tantiyahin kung kailan at saan ito mangyayari.



### [Magnitude o lakas ng lindol]


Ang "seismic intensity (震度: Shindo)" ay ginagamit sa pagpapahayag sa lakas ng pag-uga na dala ng paglindol.

<p>Seismic Intensity 1 (Shindo 1)</p>	<p>Sa mga nagpapahinga sa loob ng kuwarto, may ilan ang nakakadama ng bahagyang pag-uga.</p>	
<p>Seismic Intensity 2 (Shindo 2)</p>	<p>Sa mga nagpapahinga sa loob ng kuwarto, marami ang nakakadama ng pag-uga.</p>	
<p>Seismic Intensity 3 (Shindo 3)</p>	<p>Sa mga nagpapahinga sa loob ng kuwarto, halos lahat ay nakakadama ng pag-uga.</p>	
<p>Seismic Intensity 4 (Shindo 4)</p>	<p>Halos lahat ng mga natutulog ay nagiging. Malakas ang paggalaw ng mga lampshades at iba pang bagay na nakasabit sa itaas.</p>	
<p>Seismic Intensity 5 - Low (Shindo 5 jyaku)</p>	<p>Karamihan ay nakakaramdam ng takot at nais humawak sa anumang bagay. May nahuhulog na mga kubyertos mula sa aparador at mga libro mula sa istante.</p>	
<p>Seismic Intensity 5 - High (Shindo 5 kyō)</p>	<p>Karamihan ay nahihirapang maglakad kung walang nahahawakang bagay sa paligid. May nabubuwal na mga kasangkapang hindi matatag ang pagkakatagay.</p>	
<p>Seismic Intensity 6 - Low (Shindo 6 jyaku)</p>	<p>Mahirap tumayo.</p>	
<p>Seismic Intensity 6 - High (Shindo 6 kyō)</p>	<p>Hindi magawang tumayo at nakakagalaw lamang kung gagapang. Maraming lumang gusali at mga bagay na nakatagilid ang nabubuwal.</p>	
<p>Seismic Intensity 7 (Shindo 7)</p>	<p>Hindi maaaring gumalaw. Kahit sa mga bagong gusali ay may tumatagilid.</p>	

# ○ Pagtugon sa lindol

## Kapag nasa loob ng bahay

- Pumailalim sa isang matatag na mesa at siguruhin ang sariling kaligtasan (protektahan ang ulo).
- Sa oras na humupa ang pag-uga, patayin ang gas stove para maiwasan ang sunog.
- Dahil maaaring hindi na mabuksan ang pinto at siguruhing nakabukas ang mga pintuan at bintana upang madaling makatakas patungo sa labas



## Kapag nasa labas

- Lumayo sa mga pader na gawa sa bloke, poste ng telepono o kuryente, vending machines at sa tabi ng mga gusali.



## Kapag nasa loob ng sasakyan

- Sa oras na maramdaman ang pag-uga, unti-unting bawasan ang bilis at ihinto ang sasakyan sa kaliwang bahagi ng daan.
- Huwag lumabas mula sa sasakyan hanggang humupa o tumigil ang pag-uga.
- Sa paglisan, patayin ang makina at iwanang nakalagay ang susi sa loob ng sasakyan.



## Kapag nakasakay sa pampublikong sasakyan (tulad ng tren, bus at iba pa)

- Kumapit nang mabuti sa strap o handrail.
- Maging mahinahon at sundin ang pag-uutos ng kawaning nangangasiwa.



## Kapag nasa loob ng pampublikong pasilidad, supermarket at iba pa

- Maging mahinahon at sundin ang pag-uutos ng kawaning nangangasiwa.
- Kumpirmahin ang evacuation route at at isagawa ang paglisan.



## Earthquake Early Warning Alert (緊急地震速報: Kinkyū jishin sokuhō)

Kapag natantiyang may darating na malaking lindol, awtomatikong ipapadala sa mobile phones ng mga residente ng komunidad ang “Earthquake Early Warning Alert (緊急地震速報: Kinkyū jishin sokuhō)”. Sa oras na matanggap ang “Earthquake Early Warning Alert”, gawin agad ang nararapat na mga hakbang upang protektahan ang sarili.



### Tungkol sa “Magnitude (M)” at “Seismic Intensity”

**Magnitude (マグニチュード: Magunichūdo) (M):** Nagpapahayag sa lakas ng enerhiya mismo na taglay ng isang lindol.

**Seismic intensity (震度: Shindo):** Nagpapahayag sa lakas ng pag-uga na dala ng paglindol.

Kahit mababa ang “magnitude” ng isang lindol, kapag malapit ito sa epicenter o pinagmumulan ng lindol sa ilalim ng lupa, nagkakaroon ng malakas na pag-uga at lumalaki ang seismic intensity (shindo). Sa kabaligtaran nito, hindi gaanong makakaramdam ng pag-uga at bumababa ang seismic intensity kapag malayo sa epicenter ng lindol kahit na mataas ang “magnitude”.

- 1995.1.17 - Great Hanshin-Awaji Earthquake (magnitude 7.3, seismic intensity 7)
- 2011.3.11 - Great East Japan Earthquake (magnitude 9.0, seismic intensity 7)
- 2016.4.16 - Kumamoto earthquake (magnitude 7.3, seismic intensity 7)



(Pinagkunan ng impormasyon: Institute of Scientific Approaches for Fire & Disaster)

## ○ Pagiging handa sa araw-araw

Maaaring mabuwal ang mga kasangkapan sa oras na magkaroon ng lindol, kaya siguruhing ayusin ang paglagay ng mga ito upang maiwasang mabuwal (huwag maglagay ng matataas na kasangkapan, ilagay sa mababang lugar ang mabibigat na bagay at siguruhing may suporta o fasteners ang mga kasangkapang madaling mabuwal).



Dahil maaaring mabasag ang salamin sa mga bintana at magkaroon ng brownout, kailangang ilagay ang tsinelas at flashlight sa tabi ng kama (bilang paghahanda sa pagdating ng lindol habang natutulog).



## Tsunami (津波: Tsunami)

Pagkatapos magkaroon ng lindol ay may panganib na sumunod agad ang pagbugso ng malaking alon o tsunami.

Ang alon ay paulit-ulit na bumabalik at napakabilis ang pagdagsa nito.

### [Protektahan ang sarili mula sa tsunami]

- Tumakas agad patungo sa isang mataas na lugar o burol.
- Kung walang burol sa paligid, hangga't maaari ay umakyat sa ituktok ng mataas na gusali.
- Huwag lumapit sa mga tabing dagat at ilog hangga't hindi pa tinatanggal ang tsunami warning / advisory.



# Malakas na ulan, pagbaha at pagguho ng lupa






おおあめ こうずい どしゃさいがい  
(大雨・洪水・土砂災害: Ōame, Kōzui, Doshasaigai)


## ○ Malakas na ulan at pagbaha

Sanhi ng pag-ulan sa mahabang panahon o pagbuhos ng maraming ulan sa maikling oras, umaapaw ang tubig sa mga ilog at nasisira ang mga pilapil o tabon na nagiging sanhi ng pagbaha sa mga daanan at tirahan ng tao. Kadalasan ay nagkakaroon ng malakas na ulan sa “panahon ng tag-ulan (梅雨: Tsuyu)” na nasa pagitan ng spring at summer season.



### [Lakas ng ulan]

Dami ng ulan sa loob ng 1 oras (mm)	Saifang ginagamit sa pagtantiya sa lagay ng panahon	Kondisyon	
Mula sa 10mm, hindi aabot sa 20mm	Medyo malakas na ulan (やや強い雨: Yaya tsuyoi ame)	Kahit sa loob ng kuwarto ay hindi masyadong marinig ang boses kapag nagsasalita.	
Mula sa 20mm, hindi aabot sa 30mm	Malakas na ulan (強い雨: Tsuyoi ame)	Nababasa kahit nasa ilalim ng payong. Nahihirapang makakita kahit bilisan ang pagpapagalaw sa wiper ng sasakyan.	
Mula sa 30mm, hindi aabot sa 50mm	Matinding buhos ng ulan (激しい雨: Hageshii ame)	Parang naging ilog ang daanan ng sasakyan. Madaling magkaroon ng pagguho ng lupa sa mga bundok at libis.	
Mula sa 50mm, hindi aabot sa 80mm	Nakapalakas na ulan (非常に激しい雨: Hijoni hageshii ame)	Mapanganib ang pagmaneho ng sasakyan. Madaling magkaroon ng mudslide o pagdaloy ng lupa (putik) at bato.	
Mula sa 80mm	Mabangis na ulan (猛烈な雨: Mōretsu na ame)	Malaki ang posibilidad na magkaroon ng malaking kapahamakan o kalamidad.	





## ○ Pagguho ng lupa

Kasabay ng pagbuhos ng malakas na ulan, nagkakaroon ng mga pinsalang dulot ng pagguho o pagdaloy ng maraming putik at bato mula sa mga bundok at libis. Ang pagkakaroon ng mudslide na dumadagdos tulad ng pag-agos ng ilog ay sanhi ng pagpasok ng maraming tubig sa lupa na nagiging dahilan sa pagluwag nito at pagdaloy patungo sa ibaba.



### Pagdaloy ng lupa (putik) at bato

Pagdaloy ng lupa (putik), bato, kahoy at iba pang bagay patungo sa ibaba na tulad ng isang ilog.



### Pagguho ng libis

Pagguho at pagdagusdos ng lupa sa libis.



### Pagguho ng lupa

Paggalaw at pagdagusdos ng lupa patungo sa ibaba.

## ○ Pagtugon sa malakas na ulan, pagbaha at pagguho ng lupa

- Huwag lumapit sa mga ilog.
- Lumisan sa ligtas na pook (tulad ng evacuation sites, sa bahay ng kaibigan, at iba pa) sa lalong madaling panahon bago dumating ang panganib.
- Kapag lumampas na sa tuhod ang taas ng tubig sa labas, lumipat sa ikalawang palapag o mas mataas pa.
- Dahil may panganib na gumuho ang mga bundok sanhi ng malakas na ulan, lumipat sa hiwalay na kuwartong nasa kabilang panig ng libis.



## Bagyo, pagtaas ng tubig (storm surge) sanhi ng bagyo

(台風・高潮: Taifū, Takashio)

### ○ Bagyo

Ito ay nagmula sa isang spiral na ulap na nabuo sa mainit na dagat sa timog ng Japan. Karaniwan, ang mga typhoon ang madalas na nangyayari mula sa huling bahagi ng tag-init hanggang sa kalagitnaan ng taglagas (Agosto hanggang Oktubre). Nagdudulot ito ng mga malalakas na hangin at malakas na pagbuhos ng ulan.




### [Lakas ng hangin]

Karaniwang bilis ng hangin (m/s)	Salitang ginagamit sa pagtantiya sa lagay ng panahon	Kondisyon
Mula sa 10m, hindi aabot sa 15m	Medyo malakas na hangin (やや強い風: Yaya tsuyoi kaze)	Nahihirapang maglakad pasalubong sa direksiyon ng ihip ng hangin. Hindi magawang sumilong sa payong.
Mula sa 15m, hindi aabot sa 20m	Malakas na hangin (強い風: Tsuyoi kaze)	Hindi magawang maglakad pasalubong sa direksiyon ng ihip ng hangin at may mga taong nabubuwal. Inaalog ang mga window shutters.
Mula sa 20m, hindi aabot sa 25m	Napakalakas na hangin (非常に強い風: Hijōni tsuyoi kaze)	Hindi magawang tumayo kung walang mahahawakan. Mapanganib ang pagmamaneho ng sasakyan.
Mula sa 25m, hindi aabot sa 30m		Hindi magawang tumayo. Mapanganib na lumabas ng bahay. Nabubuwal ang mga pader na gawa sa bloke.
Mula sa 30mm	Mabangis na hangin (猛烈な風: Mōretsu na kaze)	Nabubuwal ang mga punong kahoy. Tinatangay o nililipad ang mga bubong ng bahay at gumuguhuhan ang mga tirahan.

### ○ Pagtaas ng tubig sanhi ng bagyo

Tumataas ang sea level sa panahon ng bagyo, kung saan inaabot ng alon ang mga lugar na karaniwang hindi nito inaabot at may kaso na kung saan nalulubog sa tubig ang mga gusali at daan.



## ○ Pagtugon sa bagyo, pagtaas ng tubig sanhi ng bagyo

### Bago dumating ang bagyo

- Maaaring suriin ang pinakabagong impormasyon ukol sa lagay ng panahon na ipinalabas ng meteorological observatory sa pamamagitan ng telebisyon, radyo, Internet at iba pa.
- Siguruhing isara ang mga bintana at window shutters at lagyan ng film ang salamin ng bintana upang mapigilan ang pagtalsik ng nabiyak na mga piraso kapag nabasag ito.
- Upang maiwasang liparin ng hangin, ilagay sa loob ng bahay ang mga bagay na nasa labas.
- Kapag may panganib ng pagbaha, ilipat ang mga damit, kagamitan sa kama at iba pa sa ikalawang palapag.
- Bilang paghahanda sa pagtigil ng tubig, ihanda ang tubig inumin at mag-imbak ng tubig sa loob ng bathtub para gamitin sa araw-araw na pamumuhay.
- Dahil may posibilidad na hindi magagamit ang kuryente, ihanda ang mga kandila, flashlight at baterya.
- Ihanda ang mga bagay na kakailanganin sa oras ng paglisan.
- Kumpirmahin ang lokasyon ng mga evacuation sites at lugar na gagamitin sa paglisan.



### Sa oras na dumating ang bagyo

- Sumilong sa isang ligtas na gusali at gawin ang nararapat na paghahanda para sa paglisan, pagkakaroon ng brownout, pagtigil ng tubig (hangga't maaari ay huwag pumunta sa labas).
- Huwag lumapit sa mga ilog at dagat.
- Lumisan sa ligtas na pook (tulad ng evacuation sites, sa bahay ng kaibigan, at iba pa) sa lalong madaling panahon bago dumating ang panganib.
- Kapag lumampas na sa tuhod ang taas ng tubig sa labas, lumipat sa ikalawang palapag o mas mataas pa.
- Dahil may panganib na gumuho ang mga bundok sanhi ng malakas na ulan, lumipat sa hiwalay na kuwartong nasa kabilang panig ng libis.




## Mga dapat gawin sa paglisan at pagiging handa sa araw-araw

### ○ Tungkol sa paglisan

Kapag may panganib na mapinsala ang mga mamamayan sanhi ng pagkakaroon ng kalamidad o kapahamakan, ipaparating ng lokal na pamahalaan sa buong munisipalidad ang impormasyon ukol sa paglisan (sa pamamagitan ng mga public information vehicles, Disaster Prevention Information Mail / administrative wireless service at iba pa).

[https://dims-bousaiportal.bousaikiki.pref.yamaguchi.lg.jp/pub\\_sp/portal-top/](https://dims-bousaiportal.bousaikiki.pref.yamaguchi.lg.jp/pub_sp/portal-top/)



#### [Salitang ginagamit sa paglisan]

\*Mahalaga ang mga salitang ito, kaya kailangang tandaan.

Salitang ginagamit sa paglisan	Detalye
警戒レベル5: Alerto - antas 5 (緊急安全確保: Kinkyū anzen kakuho) (Emerhensiyang pagtiyak sa kaligtasan)	Nasa panganib ang buhay. Kumilos agad para protektahan ang sariling buhay.
警戒レベル4: Alerto - antas 4 (避難指示: Hinan shiji) (Utos ng paglikas)	Lumisan agad ngayon. (Pakiusap sa paglisan)
警戒レベル3: Alerto - antas 3 (高齢者等避難: Kōreisha tō hinan) (Paglikas ng matatanda, atbp.)	Kailangang lumisan ang mga taong may kapansanan, mga matatanda, at iba pa na nangangailangan ng oras sa paglisan.



Lumisan patungo sa mga pook na maaaring silungan (tulad ng mga paaralan, community centers), evacuation sites at iba pang ligtas na lugar.



Silungan



Evacuation sites

Hangga't maaari ay iwasang gumamit ng sasakyan at maglakad patungo sa kaligtasan.

Dahil madaling matanggal ang botas, gumamit ng walking shoes na mabuting gamitin sa paglalakad.





- Kapag nakaramdam ng panganib o di kaya'y natatagalan sa paglisan, gamitin ang sariling desisyon at isagawa ang paglisan sa lalong madaling panahon.
- Kapag hindi magawang lumisan patungo sa evacuation site sanhi ng panganib na dala ng pagbaha, malakas na hangin at ulan, sumilong sa itaas na palapag ng sariling tahanan o sa kalapit na gusali, lumipat sa kabilang bahagi ng kuwarto na malayo sa libis at isagawa ang mga hakbang na nababagay sa nagaganap na sitwasyon.

## ○ Tungkol sa evacuation site (避難所: Hinanjo)

- Libre at maaaring gamitin ng sinuman, kabilang ang mga Hapon, dayuhan o mga turista.
- Sa pook na ito ay ipinamamahagi ang pagkain, inumin, mga gamit sa araw-araw, tulugan, impormasyon ukol sa lagay ng kalamidad at iba pa.
- Ang evacuation site ay isang pook na itinakda para gamitin ng lahat ng mga residente sa rehiyon. Kaya kailangang sundin ang mga patakaran habang namumuhay sa lugar na ito.
- Kumpirmahin sa munisipyo o town hall kung saan ang evacuation site o di kaya'y alamin kung may pook-silungan sa lugar na malapit sa sariling tirahan.



## Hazard Map

(ハザードマップ: Hazādo mappu)



Ito ay isang mapa na kung saan nakasulat ang mga lugar na tinatantiyang maaapektuhan ng kalamidad at lagay ng pinsalang matatamo, lokasyon ng mga pook-silungan at iba pa. Maaari itong tanggapin sa information counter ng munisipyo / town hall o tingnan sa website ng siyudad, kaya siguruhing kumpirmahin ang rehiyon na tinitirahan at iba pa.




## ○ Pagiging handa sa araw-araw

Mahihirapang makahuha ng tubig at pagkain sa oras na magkaroon ng kapahamakan, kaya kailangang ihanda ng bawat pamilya ang emergency supply na gagamitin para sa ilang araw ng pamumuhay. Maaaring bilhin ang mga bagay na magiging kapaki-pakinabang sa panahon ng kalamidad sa mga supermarket at home center.

**[Emergency supplies (halimbawa ng mga bagay na dapat ihanda para sa oras ng kapahamakan)]**







Pagkain / inumin	<input type="checkbox"/> Tubig inumin (para sa 3 araw (3 litros bawat tao sa isang araw)) <input type="checkbox"/> Biscuits <input type="checkbox"/> Mga delatang pagkain, retort food packs <input type="checkbox"/> Instant noodles <input type="checkbox"/> Candy, tsokolate	
Gamit sa pamumuhay	<input type="checkbox"/> Tubig para sa pamumuhay (mag-imbak ng tubig sa bathtub, plastic tank at iba pa) <input type="checkbox"/> Posporo, kandila, pansindi o lighter <input type="checkbox"/> Damit (panlabas, panloob) <input type="checkbox"/> Plastic wrap <input type="checkbox"/> Platong gawa sa papel <input type="checkbox"/> Disposable wooden chopsticks, kutsara, tinidor <input type="checkbox"/> Plastic bag <input type="checkbox"/> Portable gas stove, gas cylinder	

**Paalala:**  
Bumili uli at palitan ang tubig at pagkain kapag luma na ang mga ito!





[Mga emergency supplies na maaaring dalhin (halimbawa ng mga bagay na maaaring ihanda para sa oras ng paglisan)]

<p>Pagkain / inumin para sa emerhensiya</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> Tubig inumin</li> <li><input type="checkbox"/> Biscuit</li> <li><input type="checkbox"/> Mga delatang pagkain, retort food packs</li> <li><input type="checkbox"/> Candy, tsokolate</li> <li><input type="checkbox"/> Dietary supplements</li> </ul> 
<p>Gamit sa pamumuhay</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> Posporo, kandila, pansindi o lighter</li> <li><input type="checkbox"/> Plastic bag</li> <li><input type="checkbox"/> Cellophone, charger</li> </ul> 
<p>Medical supplies</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> Mga gamot na iniinom o ginagamit</li> <li><input type="checkbox"/> Mask</li> </ul>
<p>Mga mahahalagang bagay</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> Cash</li> <li><input type="checkbox"/> Pasaporte</li> <li><input type="checkbox"/> Residence Card</li> <li><input type="checkbox"/> My Number Card</li> <li><input type="checkbox"/> Passbook, seal</li> <li><input type="checkbox"/> Lisensiya sa pagmamaneho</li> <li><input type="checkbox"/> Health Insurance Card</li> <li><input type="checkbox"/> Reserbang eyeglasses, contact lens</li> <li><input type="checkbox"/> Reserbang susi ng sasakyan at bahay</li> </ul> 
<p>Mga kagamitan sa paglisan</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> Flashlight</li> <li><input type="checkbox"/> Radyo</li> <li><input type="checkbox"/> Baterya</li> <li><input type="checkbox"/> Helmet</li> <li><input type="checkbox"/> Pito</li> </ul> 
<p>Damit</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> Panlabas, panloob, medyas</li> <li><input type="checkbox"/> Damit na may mahabang manggas, pantalon</li> <li><input type="checkbox"/> Guwantes pantrabaho</li> <li><input type="checkbox"/> Tuwalya</li> </ul> 
<p>Iba pa</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> Mga gamit ng sanggol (powdered milk, diapers at iba pa)</li> <li><input type="checkbox"/> Mga gamit ng babae (napkin at iba pa)</li> <li><input type="checkbox"/> Mga gamit ng matatanda (diapers, gamot at iba pa)</li> </ul> 

# 6

## Mga salitang ginagamit sa disaster prevention / kalamidad

Mga salitang ginagamit kaugnay sa kapahamakan. Mahalaga ang mga ito, kaya kailangang tandaang mabuti.

### [Paglisan / Impormasyon sa paglisan]

ひなん 避難する: Hinan suru	Sumilong patungo sa kaligtasan
ひなんしょ ひなんばしょ 避難所・避難場所: Hinanjo / Hinan basho	Evacuation site / Pook-silungan
ちゅうい 注意する: Chūi suru	Bigyan ng babala
けいかい 警戒する: Keikai suru	Mag-ingat
こうれいしゃどう ひなん 高齢者等避難: Kōreisha tō hinan	Paglisan ng mga matatanda, at iba pa
ひなんしじ 避難指示: Hinan shiji	Kautusan para sa paglisan
ちゅういほう 注意報: Chūihō	Babala
けいほう 警報: Keihō	Alarma
とくべつけいほう 特別警報: Tokubetsu keihō	Special alarm

### [Lindol at sunami]

じしん 地震: Jishin	Lindol
しんど 震度: Shindo	Seismic intensity
よしん 余震: Yoshin	Aftershock
きんきゅうじしんそくほう 緊急地震速報: Kinkyū jishin sokuhō	Earthquake Early Warning
しんげんち 震源地: Shingenchi	Epicenter
つなみ 津波: Tsunami	Tsunami
たかだい 高台: Takadai	Matataas na lugar
かさいかじ 火災・火事: Kasai / Kaji	Sunog, pagkakaroon ng apoy o silab
げんしりょくはつでんしょ 原子力発電所: Genshiryoku hatsudensho	Nuclear power plant
かおくとうかい (家屋の)倒壊: (kaoku no) Tōkai	Pagguho (ng bahay)
ていでん 停電: Teiden	Brownout
だんすい 断水: Dansui	Pagtigil ng tubig



## [Bagyo at malakas na ulan]

たいふう 台風: Taifū	Bagyo
きょうふう 強風: Kyōfū	Malakas na hangin
ぼうふう 暴風: Bōfū	Matinding lakas ng hangin
ふうそく 風速 (m/s): Fūsoku (m/s)	Bilis ng hangin (m/s)
たつまき 竜巻: Tatsumaki	Buhawi
はろう 波浪: Harō	Alon
たかなみ 高波: Takanami	Mataas na alon
たかしお 高潮: Takashio	Pagtaas ng tubig sanhi ng bagyo
おおあめ 大雨: Ōame	Malakas na ulan
ごうう 豪雨: Gōu	Matinding ulan
かせん ぞうすい (河川の) 増水: (Kasen no) Zōsui	Pagtaas ng tubig (sa ilog)
かせん はんらん (河川の) 氾濫: (Kasen no) Hanran	Pagbaha (sa ilog)
こうすい 洪水: Kōzui	Pagbaha
かおく しんすい (家屋の) 浸水: (Kaoku no) Shinsui	Pagbaha (sa bahay)
どしゃくず がけくず 土砂崩れ・崖崩れ: Doshakuzure / Gakekuzure	Pagguho ng lupa at libis

## [Mga iba]

ゆくえふめい 行方不明: Yukue fumei	Nawawala
あんびかくにん 安否確認: Anpi kakunin	Kumpirmasyon ng kaligtasan
ひさい 被災する: Hisai suru	Masangkot sa isang kapahamakan
ひさいしゃ 被災者: Hisaisha	Biktima
ひじょうしょく 非常食: Hijōshoku	Pagkain para sa emerhensiya
ただ 炊き出し: Takidashi	Pamamahagi ng pagkain
はいきゅう 配給: Haikyū	Pamamahagi
きゅうすいしゃ 給水車: Kyūsuissha	Truck ng tubig
ふっきゅう 復旧する: Fukkyū suru	Maibalik sa dating kalagayan
ふつう 不通: Futsū	Hindi mahagilap o nawalan ng kontak
うかい 迂回する: Ukai suru	Gumamit ng ibang ruta
つうこうど 通行止め: Tsūkōdome	Saradong daan
うんきゅう 運休: Unkyū	Pagsuspende ng serbisyo

# Impormasyon ukol sa disaster prevention

Tanggapin ang tamang impormasyon sa pamamagitan ng telebisyon, radyo, Internet at iba pa.

## Sa wikang Hapon lamang

### Municipal Disaster Prevention Mail: sa bawat siyudad at bayan

Matapos gawin ang rehistrasyon, maaaring tanggapin ang impormasyon ukol sa paghahanda para sa kapahamakan o kalamidad sa pamamagitan ng e-mail.

\*Sumangguni sa tanggapan ng munisipyo o town hall para sa impormasyon ukol sa paraan ng paggamit at papaparehistro.

### Emergency Alert Mail: sa bawat kompanya ng cellphone

Kabilang sa serbisyong ipinagkakaloob ng mga kompanya ng mobile phones, awtomatikong ipinapadala ang emergency information ukol sa anumang kalamidad o kapahamakang nagaganap sa rehiyon.

\*Sa oras na matanggap ang Emergency Alert Mail, gawin agad ang nararapat na mga hakbang upang protektahan ang sarili.

### Yamaguchi Prefecture Public Works Disaster Prevention Information System

Maaaring kumpirmahin ang sitwasyon ukol sa dami ng ulan, pagguho ng lupa, sukat ng tubig sa mga ilog at iba pa sa loob ng Yamaguchi Prefecture.

<https://y-bousai.pref.yamaguchi.lg.jp/> (para sa PC)

<http://y-bousai.pref.yamaguchi.lg.jp/k/> (para sa mobile phone)

<https://y-bousai.pref.yamaguchi.lg.jp/sp/> (para sa smartphone)



Para sa mobile phone



Para sa smartphone

\*Maaaring magparehistro para sa "Yamaguchi Prefecture Disaster Prevention Information Mail". Kapag nagparehistro, makakatanggap ng email na naglalaman ng impormasyon ukol sa lagay ng panahon sa Yamaguchi Prefecture.

### Yamaguchi Prefecture Road Information – Road Navigation

Maaaring kumpirmahin ang lagay ng mga daan sa loob ng Yamaguchi Prefecture sa pamamagitan ng mga larawan.

<http://road.pref.yamaguchi.jp/gmap/>



## Sa iba't-ibang wika

### Yamaguchi Disaster Prevention

Maaaring tingnan ang impormasyon ukol sa paglisan, at iba pa sa prepektura ng Yamaguchi.

[https://dms-bousaiportal.bousaikiki.pref.yamaguchi.lg.jp/pub\\_sp/portal-top/](https://dms-bousaiportal.bousaikiki.pref.yamaguchi.lg.jp/pub_sp/portal-top/)



### Japan Meteorological Agency

Impormasyon sa lindol, malakas na ulan, bagyo, atbp.  
Matitignan sa maraming wika

<https://www.jma.go.jp/jma/kokusai/multi.html>



### Gabay sa Pamumuhay/Pagtatrabaho (Immigration Services Agency)

Inilalathala ang mga kapaki-pakinabang na impormasyon ukol sa pamumuhay sa Japan sa iba't-ibang wika.

[https://www.moj.go.jp/isa/guidebook\\_all.html](https://www.moj.go.jp/isa/guidebook_all.html)



### Medical questionnaire sa iba't-ibang wika

(NPO Corporation, International Community Hearty  
Konandai / Kanagawa International Foundation)

Maaaring gawin ang pag-download ng multi-lingual medical questionnaire na ginagamit sa oras ng pagpapasuri sa mga pagamutan.

<https://www.kifjp.org/medical/>



### "Safety Tips" - push-type information service application para sa mga dayuhang turista (Japan Tourism Agency)

Ipinagkakaloob sa pamamagitan ng software application ang multi-lingual emergency information sa mga dayuhang turista ukol sa mga kapahamakang nagaganap.

Para sa tablet device at  
smartphone lamang



Para sa Android  
devices.



Para sa  
iOS devices.



## Kumpirmasyon ng kaligtasan

Mahihirapang tumawag sa telepono sa oras na magkaroon ng isang malaking kalamidad. Gamitin ang “Disaster Message Board (災害用伝言板: Saigai yo dengon ban)” at “Disaster Emergency Message Dial (災害用伝言ダイヤル: Saigai yo dengon daiyaru)” upang kumpirmahin ang kaligtasan ng ibang miyembro ng pamilya o mga kaibigan pati ang pagbigay-alam sa sariling kalagayan (libre ang paggamit).

### ► Disaster Message Board para sa mobile phones (sa wikang Hapon at Ingles)

Maaaring mag-iwan ng mensahe o di kaya’y basahin ito mula sa mobile phone. Maaari itong tingnan mula sa iba’t-ibang bansa sa mundo.



[NTT DoCoMo] <http://dengon.docomo.ne.jp/top.cgi>

[KDDI(au)] <http://dengon.ezweb.ne.jp/>

[SoftBank] <http://dengon.softbank.ne.jp/>

### ► Paggamit ng Disaster Message Board sa Internet (wikang Hapon, Ingles, Intsik at Koreano)



[NTT East · NTT West] <https://www.web171.jp>

Isinasagawa ang libreng paggamit ng “Disaster Emergency Message Dial” at “Disaster Message Board” sa una at ika-labinlimang araw ng bawat buwan, mula sa Enero 1 hanggang Enero 3, Enero 15 hanggang Enero 21, Agosto 30 hanggang Septiyembre 5.

## ► Disaster Emergency Message Dial “171” (voice guidance sa wikang Hapon lamang)

Maaaring mag-iwan ng mensahe o pakinggan ito sa telepono

### Paraan ng pag-iwan ng mensahe

- 1 i-dial ang “171”
- 2 i-dial “1”
- 3 i-dial ang numero ng sariling fixed-line telephone  
(xxx - xxx - xxxx)
- 4 i-dial ang “1”
- 5 i-record ang mensahe
- 6 i-dial ang “9” para tapusin

### Paraan ng pakikinig sa mensahe

- 1 i-dial ang “171”
- 2 i-dial “2”
- 3 i-dial ang numero ng fixed-line ng kabilang partido  
(xxx - xxx - xxxx)
- 4 i-dial ang “1”
- 5 Pakinggan ang mensahe



MEMO

---

# Disaster Prevention Memo

## [Impormasyon ukol sa sarili]

Pangalan			
Tirahan sa Japan			
Numero ng telepono		Blood Type	
Kaarawan			
Numero ng pasaporte			
Numero ng Residence Card			
Pangalan ng kompanya / paaralan	Numero ng telepono		
Mga gamot na ginagamit o iniinom			
Allergy / sakit			

## [Impormasyon ukol sa pamilya at mga kakilala]

Pangalan	Numero ng telepono	Pangalan ng kompanya / paaralan	Numero ng telepono ng kompanya / paaralan

## [Contact information sa panahon ng emerhensiya]

Contact information sa Japan	Pangalan	Numero ng telepono
Contact information sa ibang bansa	Pangalan	Numero ng telepono

## [Contact information]

Embahada at Consulate Office	Numero ng telepono
Munisipyo / Town Hall	Numero ng telepono
Status of residence	Numero ng telepono
Kompanya ng gas	Numero ng telepono
Kompanya ng kuryente	Numero ng telepono
Kompanya ng tubig	Numero ng telepono
Iba pa	Numero ng telepono
	Numero ng telepono
	Numero ng telepono
	Numero ng telepono
	Numero ng telepono

## [Evacuation site / Pook-silungan]

Pinakamalapit na evacuation site / pook-silungan	
Itinakdang pook-tagpuan ng pamilya	

**Pulisya**  
(insidente / aksidente)

**110**



**Bombero**  
(sunog / ambulansiya)

**119**



**Japan Coast Guard**  
(insidente / aksidente sa dagat)

**118**



**Disaster Emergency  
Message Dial**

**171**



## Para sa mga katanungan ukol sa kalamidad at paghahanda para sa mga kapahamakan.

Numero ng telepono para sa munisipyo / town hall (tinatanggap sa wikang Hapon lamang)

Shimonoseki	TEL:083-231-9333	Mine-shi	TEL:0837-52-1110
Ube-shi	TEL:0836-34-8139	Shunan-shi	TEL:0834-22-8208
Yamaguchi-shi	TEL:083-934-2723	Sanyo-Onoda-shi	TEL:0836-82-1122
Hagi-shi	TEL:0838-25-3808	Suo-Oshima-cho	TEL:0820-74-1000
Hofu-shi	TEL:0835-25-2115	Waki-cho	TEL:0827-52-2136
Kudamatsu-shi	TEL:0833-45-1832	Kaminoseki-cho	TEL:0820-62-0311
Iwakuni-shi	TEL:0827-29-5119	Tabuse-cho	TEL:0820-52-5802
Hikari-shi	TEL:0833-72-1403	Hirao-cho	TEL:0820-56-7111
Nagato-shi	TEL:0837-23-1111	Abu-cho	TEL:08388-2-3110
Yanai-shi	TEL:0820-22-2111 (Extension No.: 491)		

**Kailangang itabi ang handbook na ito  
sa lugar na kung saan madaling hanapin  
sa oras na kailangang gamitin.**

**Gabay ukol sa paghahanda sa kapahamakan para sa mga dayuhang residente**  
[Petsa ng paglathala : Hulyo 2016]

Tagapaglathala: International Affairs Division, Yamaguchi Prefecture 1-1 Takimachi, Yamaguchi-shi, Yamaguchi-ken  
TEL: 083-933-2340 Fax : 083-933-2358 Email: a12900@pref.yamaguchi.lg.jp

Pangangasiwa: Yamaguchi Prefecture Disaster Prevention & Crisis Management Department,  
Yamaguchi International Exchange Association

Wikang ginamit sa paglikha ng dokumento: simpleng wikang Hapon, Ingles, Intsik, Koreano, Tagalog at Vietnamese  
\*Ang bahagi ng halagang ginamit sa paglikha ng handbook na ito ay kinuha mula sa suportang ipinagkaloob ng Council of Local Authorities for International Relations (CLAIR).